


Kailan magsisimula ang Komisyon ng NDIS?

Ang Komisyon ng NDIS ay magsisimula sa:

1 Hulyo 2018 sa New South Wales at South Australia



1 Hulyo 2019 sa Australian Capital Territory, Northern Territory, Queensland, Tasmania at Victoria




1 Hulyo 2020 sa Western Australia

Hanggang sa hindi pa nailagay ang Komisyon ng NDIS sa bawat estado o teritoryo, ang mga kalahok, mga tagapagbigay ng serbisyo, at manggagawa ng NDIS ay sinasakop sa ilalim ng umiiral na mga sistema ng kalidad at pananggalang ng kanilang estado o teritoryo.



NDIS Quality and Safeguards Commission

Tungkol sa Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng Kalidad at mga Pananggalang) ng NDIS



Kontakin kami

Mag-email: feedback@ndiscommission.gov.au
Tumawag: 1800 035 544

Alamin ang higit pa

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Komisyon ng NDIS, kabilang ang mga dulugan para sa mga tagapagbigay ng serbisyo at mga kalahok, ay makukuha sa website ng Komisyon ng NDIS sa www.ndiscommission.gov.au

Isang pambansang diskarte sa kalidad at kaligtasan sa NDIS

Ang Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng Kalidad at mga Pananggalang) ng NDIS (ang Komisyon ng NDIS) ay isang independiyenteng ahensiya ng pamahalaan na nagtatrabaho upang mapabuti ang kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at suporta ng NDIS, nag-iimbestiga at naglulutas ng mga problema, at nagpapalakas sa mga kasanayan at kaalaman ng mga tagapagbigay ng serbisyo at mga kalahok.

Sa ganap na paglalagat, ang Komisyon ng NDIS ay maghahatid ng bago at hindi pabagu-bagong pambansang diskarte sa kalidad at mga pananggalang sa NDIS. Magtatrabaho ito kasama ang mga tagapagbigay ng serbisyo, mga taong may kapansanan at kanilang mga tagapag-alaga, mga pamilya at tagapagtaguyod upang matamo ito.

Ano ang pananagutan ng Komisyon ng NDIS?

Ang Komisyon ng NDIS ay:

- magrerehistro at mangangasiwa sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS at pamamahalaan ang kalidad ng tagapagbigay ng serbisyo
- magmomonitor sa pagsunod sa Practice Standards (Mga Pamantayan ng Gawi) ng NDIS at Code of Conduct (Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal) ng NDIS
- tutugon sa mga ikinababahala, reklamo at naiulat na insidente
- magpapayo sa mga tagapagbigay ng serbisyo hinggil sa pangangasiwa ng mga reklamo sa loob ng komisyon at pagsusuporta sa mga kalahok upang magsagawa ng reklamo
- magpapayo sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa mga sistema sa pangangasiwa ng insidente at kung paano iulat ang mga malulubhang insidente sa Komisyon ng NDIS
- magtatrabaho kasama ng mga taong may kapansanan, mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa ng NDIS upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan at kaalaman
- magmomonitor sa paggamit ng mga nanghihigpit na gawi at nagtuturo sa mga tagapagbigay ng serbisyo at kalahok tungkol sa mga estratehiya sa pagsuporta sa pag-uugali
- magtatrabaho sa mga estado at mga teritoryo upang magdisenyo at magsakatuparan ng pagsasala ng manggagawa sa NDIS na hindi pabagu-bago sa buong bansa.
- magbibigay ng market oversight sa pamamagitan ng pagmomonitor ng mga pagbabago sa merkado na nangangailangan ng atensiyon
- magbabahagi ng impormasyon sa iba pang mga ahensiyang panregulatoryo.



Ano ang ginagawa ng Komisyon ng NDIS para sa mga kalahok?



May karapatan ka upang makaramdam na ligtas ka at makatanggap ng mga mabubuting de-kalidad na serbisyo.

Kapag ganap na nalapat na ang Komisyon ng NDIS, maaari mo nang maaasahan ang de-kalidad at ligtas na mga serbisyo kahit saan ka pa naninirahan.



Sinisiguro namin na alam at sinusunod ng aming mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa ang mga patakaran para sa kalidad at kaligtasan.

Ang **Code of Conduct (Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal) ng NDIS** at **Practice Standards (Mga Pamantayan ng Gawi) ng NDIS** ay nagbibigay sa mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa ng malinaw at maipapatupad na mga pamantayan para sa kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at suporta sa NDIS.



Tutulong kami sa mga reklamo kung pakiramdam mo na hindi ka ligtas o hindi ka masaya sa mga serbisyo sa iyo. Palaging okey na magsalita.

Ang mga taong may kapansanan, o sinumang iba pang tao, ay maaaring makasampa ng mga reklamo tungkol sa mga serbisyo at suporta ng NDIS sa Komisyon ng NDIS.

Ang lahat ng mga reklamo ay tinuturing na seryoso at tinatasa. Ang Komisyon ng NDIS ay nagtatrabaho kasama ng mga kalahok, mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa upang lutasin ang mga problema at mapabuti ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta ng NDIS. Kung hindi ka sigurado kung sino ang kokontakin, tutulungan ka ng Komisyon ng NDIS upang makakonekta ka sa tamang organisasyon.



Ano ang ginagawa ng Komisyon ng NDIS para sa mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa?



Pinapangasiwaan namin ang solong sistema ng regulasyon at rehistrasyon para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS sa buong Australia.

Kapag pinapatakbo na ito sa lahat ng mga estado at teritoryo, ang Komisyon ng NDIS ay magbibigay ng **solo at pambansang sistema sa rehistrasyon at regulasyon** para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS at magtatakdang hindi pabagu-bagong diskarte sa kalidad at mga pananggalang sa kabuuan ng Australia.



Ang Mga Patakaran ng Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng Kalidad at mga Pananggalang) ng NDIS ay magtatakdang mga atas para sa kalidad at kaligtasan.

Ang lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa ng NDIS ay dapat sumunod sa **Code of Conduct (Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal) ng NDIS**, na nagtatakdang sa mga inaasahan para sa pag-uugali, kultura at paghahatid ng serbisyo.

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nagpaparehistro sa Komisyon ng NDIS ay dapat tumugon sa **Practice Standards (Mga Pamantayan ng Gawi) ng NDIS**, kabilang ang mga hinihiling para sa kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at suporta na kanilang ibinibigay.

Ang sistema sa kalidad at mga pananggalang ng Komisyon ng NDIS ay kinabibilangan ng mga atas para sa **pangangasiwa ng mga reklamo, pangangasiwa ng insidente, pagsasala ng manggagawa, suporta sa pag-uugali at paggamit ng mga nanghihigpit na gawi**. Nagtatrabaho ito kasama ng mga tagapagbigay ng serbisyo at nagbibigay ng edukasyon at pagsasanay upang makatulong sa kanila na maunawaan ang kanilang mga obligasyon.

Kung hindi matutugunan ng mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa ang hinihiling sa kanila, maaaring magsagawa ang Komisyon ng NDIS ng kilos upang makapagturo, maitama o maisakatuparan ang mga atas na iyon.



Inilalapat namin ang regulasyon sa tamang proporsyon, kung saan ang mga pinakamalakas na aksiyon ay ipapataw sa pinakamalubhang paglabag.